

Paglaban sa Krimeng Dala ng Pagkamuhi sa Panahon ng Pandemya ng Coronavirus

DFEH



Sama-samang nagtutulungan ang mga taga-California para labanan ang krisis na dulot ng COVID-19. Sa kasamaang palad, sa panahon ng pandemyang ito, batid din namin ang mga ulat ng karahasan at panggugulo laban sa iba't ibang komunidad, kasama ang komunidad ng mga Asyano-Amerikano.

Sa ilalim ng Batas ni Ralph sa Mga Karapatang Sibil (Ralph Civil Rights Act), labag sa batas na magbanta o gumawa ng mga kilos ng karahasan dahil sa aktuwal o ipinagpapalagay na lahi, kulay, bansang pinagmulan, ninuno, katayuan sa imigrasyon, pagkamamamayan, pangunahing wika, seksuwal na oryentasyon, pagkakakilanlan ng kasarian, at kapansanan ng isang tao, bukod pa sa ibang mga protektadong katangian (seksiyon 51.7 ng Kodigo Sibil ng California (California Civil Code)). Ipinagbabawal ng batas ng California ang mga pasalita o nakasulat na banta, pisikal na atake o tangka ng pag-atake, paglalagay ng graffiti, at bandalismo o pagsira sa ari-arian. Ang mga gawaing ipinagbabawal ng batas sibil ay maaari ding ituring na mga kriminal na gawain.

Bagaman maaaring nakakatakot ang pandemya ng COVID-19, ang karahasan, panggugulo, pananakot, at diskriminasyong dala ng pagkamuhi laban sa sinumang tao dahil sa kung sino siya – isang protektadong katangian – ay labag sa batas.

Sa panahong ito ng hindi katiyakan, walang katwiran para sa karahasang dala ng pagkamuhi. Magtataguyod ang Departamento ng Makatarungang Trabaho at Pabahay (Department of Fair Employment and Housing, DFEH) ng mga pagkilos para sa pagpapatupad ng batas para sa mga paglabag sa Batas ni Ralph sa Mga Karapatang Sibil.

MGA MAGAGAMIT NA REMEDYONG SIBIL

1. Mga utos ng pagpigil (restraining order) para protektahan ang mga biktima
2. Mga Aktuwal (Pera) na Bayad-pinsala tulad ng mga medikal na gastos, nawalang kita, pagpapaayos ng ari-arian, at emosyonal na pagdurusa
3. Mga Bayad-pinsala bilang Pagpaparusa (Pera) para parusahan ang mga lumabag
4. Mga sibil na multa na \$25,000
5. Mga kabayaran sa abogado

MGA HALIMBAWA NG KARAHASANG DALA NG PAGKAMUHI

Sa Batas ni Ralph sa Mga Karapatang Sibil, kasama sa mga gawing labag sa batas ang:

1. Pananakit, pagdura, o puwersahang paggambala sa isang tao dahil sa kung ano ang itsura niya na may kinalaman sa kaniyang lahi, ninuno, o bansang pinagmulan.
2. Pagsubok na itulak, sipain, o marahas na takutin ang isang tao dahil sa wikang sinasalita niya.
3. Bandalismo sa isang negosyo, bahay, o ibang ari-arian dahil pagmamay-ari ito ng isang tao na o ipinagpapalagay na isang imigrante mula sa ibang bansa.
4. Pagtataguyod o paghihikayat ng labag sa batas na karahasan laban sa isang tao dahil sa kaniyang seksuwal na oryentasyon, pagkakakilanlan ng kasarian, o ibang protektadong katangian.

Dagdag dito, ipinagbabawal ng batas ng California sa mga employer, tagapagkaloob ng pabahay, at establisimyento ng negosyo na diskriminahan o guluhin ang mga tao batay sa isang protektadong katangian (seksiyon 12900 hanggang 12996 ng Kodigo ng Pamahalaan ng California (California Government Code)), at ng Batas ni Unruh sa Mga Karapatang Sibil (Unruh Civil Rights Act)).

Kung sa tingin mo ay naging biktima ka ng karahasang dala ng pagkamuhi, maghain ng reklamo. Dapat ihain ang isang reklamo sa DFEH sa loob ng isang taon mula sa petsa kung kailan nalaman ng biktima ang pagkakakilanlan ng maysala, ngunit hindi maaaring lumampas sa tatlong taon mula sa petsa ng pinsala. Hindi kailangan ng abogado at walang bayad para sa mga serbisyo ng DFEH.

Kung mayroon kang kapansanang nangangailangan ng makatuwirang kaluwagan, maaari kang tulungan ng DFEH sa pamamagitan ng pagsusulat ng iyong mensahe sa pamamagitan ng telepono o, para sa mga indibidwal na Bingi o May Kahirapan sa Pandinig o may mga kapansanan sa pagsasalita, sa pamamagitan ng California Relay Service (711), o maaari kang makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng impormasyon sa ibaba.

PARA MAGHAIN NG REKLAMO

Department of Fair Employment and Housing

dfeh.ca.gov

Walang Toll: 800.884.1684 / TTY: 800.700.2320